KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD
1215 O Street, MS 7-40
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061

PETSA: HULYO 27, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM (SDP): BAYAD NG REGIONAL CENTER PARA SA MGA SERBISYO SA PAMAMAHALA NG PANANALAPI PARA SA MGA KALAHOK SA SDP

Inamyendahan ng Developmental Services Trailer Bill SB 188 (Chapter 49, Statutes of 2022) ang Welfare and Institutions Code seksyon 4685.8(c)(1), na tinatanggal ang rekisito na dapat bayaran ng kalahok ang halaga ng mga serbisyo sa pamamahala ng pananalapi (financial management services, FMS) mula sa indibidwal na budget ng kalahok. Ang pagbabago sa batas na ito, epektibo sa Hulyo 1, 2022, ay pinapalitan ang Direktiba 01-111920 sa COVID-19 ng Kagawaran, na hindi ipapatupad ang rekisito na dapat bayaran ng mga kalahok sa SDP ang halaga ng kanilang tagapagkaloob ng FMS sa panahon ng State of Emergency. Epektibo sa Hulyo 1, 2022, ang bayad para sa tagapagkaloob ng FMS ay sasagutin ng regional center na labas sa indibidwal na budget ng kalahok.

Sa pagpapatupad ng pagbabagong ito, dapat isagawa ng mga regional center ang mga sumusunod:

- Awtorisahan ang bayad para sa tagapagkaloob ng FMS na hiwalay sa indibidwal na budget at plano ng paggastos.
- Makipagtulungan sa mga kalahok sa SDP para mapag-aralan sa tamang panahon ang mga kinakailangang pagsasaayos sa kanilang plano ng paggastos upang pag-isipan kung saan maaaring gamitin ang mga dapat sanang kasama na bayarin sa FMS.

Dapat makipag-ugnay ang mga konsumidor, miyembro ng pamilya, o tagapagkaloob sa kanilang lokal na regional center kung may mga tanong tungkol sa direktiba para sa programang ito.

Taos-puso,

Pinirmahan ang orihinal ni:

MARICRIS ACON
Deputy Director
Dibisyon ng mga Programang Pederal

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, DDS
Brian Winfield, DDS
Carla Castañeda, DDS
Jim Knight, DDS
Ernie Cruz, DDS
Aaron Christian, DDS
Tim Travis, DDS